SDRC

San Diego Regional Center
4355 Ruffin Road, San Diego, CA 92123
858-576-2996 / www.sdrc.org

Serving individuals with developmental disabilities in San Diego and Imperial Counties

Abril 23, 2024

Para sa: Mga Kliyente ng Sentrong Pangrehiyon ng San Diego, Mga Pamilya, at Komunidad

Sa isang liham na natanggap noong Abril 8, 2024, mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS), natagpuan nila na hindi nakasunod ang Sentrong Pangrehiyon ng San Diego (SDRC) sa mga kinakailangan sa Seksyon 4640.6 (c) ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon [Welfare and Institutions (W&I) Code]. Iniaatas sa seksyong ito ng batas na ang mga sentrong pangrehiyon ay magpanatili ang mga proporsyon ng dami ng hawak na kaso sa pagitan ng tagapangasiwa ng serbisyo at kliyente na nasa tama o mas mababa sa karaniwan na mga proporsyon ng dami ng hawak na kaso. Kalakip ang kopya ng liham mula sa DDS bilang sanggunian.

Para sa mga kliyenteng naka-enroll sa Waiver ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso sa ulat ng datos ng proporsyon ng dami ng hawak na kaso noong Marso 2024 ng SDRC ay 1:76 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:62); para sa mga kliyenteng mas bata sa edad na anim na taong gulang, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:62 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay is 1:40); para sa mga kliyenteng mas matanda sa edad na limang taon at hindi nada-enroll sa Waiver ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad at hindi lumipat mula sa developmental center, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ng kaso ay 1:76 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ng kaso ay 1:66); at, para sa mga kliyenteng may mga kumplikadong pangangailangan, ang proporsyon ng dami ng hawak ng kaso ay 1:28 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:25).

Iniaatas ng Seksyon 4640.6 (f) ng Kodigo ng W&I na ang sentrong pangrehiyon na hindi nakakasunod sa mga kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso są dalawang magkasunod na panahon ng pag-uulat ay bumuo ng plano ng pagtatama. Ang huling plano ay bubuuin kasunod ng opinyon mula sa konseho ng estado, mga lokal na organisasyon na kumakatawan sa mga kliyente, mga kliyente at miyembro ng pamilya, mga empleyado ng sentrong pangrehiyon, mga tagapagkaloob ng serbisyo, at iba pang mga interesadong partido.

Mangyaring basahin ang kalakip na borador ng plano ng pagtatama ng proporsyon ng dami ng hawak na kaso na iminumungkahi kong ipadala sa DDS. Alinsunod sa Seksyon 4640.6 (f) ng Kodigo ng W&I, hinihiling ang iyong opinyon. Kung gusto mong magbigay ng opinyon, mangyaring isumite ito sa pamamagitan ng e-mail sa ratio.input@sdrc.org, sa pamamagitan ng fax sa (858) 576-2873, o sa pamamagitan ng United States Postal Service, na ipinahahatid kay Mark Klaus, Ehekutibong Direktor, San Diego Regional Center, 4355 Ruffin Road, San Diego, California, 92123. Upang maisaalang-alang, kailangang matanggap ng SDRC ang iyong opinyon na hindi lalampas sa Mayo 31, 2024. Iniimbitahan ka rin na dumalo sa isang pampublikong pagpupulong upang talakayin ang borador na plano ng pagtatama ng proporsyon ng dami ng hawak na kaso. Ang pagpupulong ay nakaiskedyul ng 6:00 p.m. sa Mayo 28, 2024, sa pamamagitan ng Zoom. Mangyaring bumisita sa https://sdrc.org/news upang magparehistro para sa pagpupulong na ito.

Sumasainyo,

Mark Klaus
Ehekutibong Direktor

Mga Kalakip: Plano ng Pagtatama sa Proporsyon ng Dami ng Hawak na Kaso ng SDRC
Liham mula sa DDS na may petsang Abril 8, 2024
Mga Seksyon 4640.6 (c), (d), (e), at (f) ng Kodigo ng W&I

**BORADOR**

Ernie Cruz, Deputadong Direktor
Office of Community Services (Tanggapan ng mga Serbisyo sa Komunidad)
Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad)
1215 O Street, MS 8-20
Sacramento, CA 95814

Mahal na G. Cruz:

Ito ang plano ng pagtatama para sa Sentrong Pangrehiyon ng San Diego (San Diego Regional Center) gaya ng iniaatas sa Seksyon 4640.6 (f) ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare & Institutions Code o W&I). Sa iyon liham na may petsang Abril 8, 2024, ipinaalam mo sa akin na hindi natugunan ng Sentrong Pangrehiyon ng San Diego (SDRC) ang mga kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso batay są datos ng proporsyon ng hawak na kaso na isinumite sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS) noong Marso 10, 2024. Kalakip ang kopya ng iyong liham bilang sanggunian.

Para sa mga kliyenteng naka-enroll sa Waiver ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso sa ulat ng datos ng proporsyon ng dami ng hawak na kaso noong Marso 2024 ng SDRC ay 1:76 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:62); para sa mga kliyenteng mas bata sa edad na anim na taong gulang, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:62 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay is 1:40); para sa mga kliyenteng mas matanda sa edad na limang taon at hindi nada-enroll sa Waiver ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad at hindi lumipat mula sa developmental center, ang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ng kaso ay 1:76 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ng kaso ay 1:66); at, para sa mga kliyenteng may mga kumplikadong pangangailangan, ang proporsyon ng dami ng hawak ng kaso ay 1:28 (ang kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay 1:25).

Ang SDRC ay patuloy na nakakaranas ng malaking antas ng pagdami ng kliyente. Sa nakalipas na taon, mula Abril 1, 2023, hanggang Abril 1, 2024, ang kabuuang dami ng kaso ng SDRC ay lumaki ng 3,000 mga kliyente sa kabuuang 41,922. Ang antas ng paglago ay 7.7% para sa nakaraang taon.

Sa parehong panahon, mula Abril 1, 2023, hanggang Abril 1, 2024, nagdagdag kami ng 84 na mga tagapangasiwa ng serbisyo (service coordinator). Kasalukuyan kaming may 80 na bukas na mga posisyon ng tagapangasiwa ng serbisyo. Sa aming nakaraang plano ng pagtatama sa proporsyon ng dami ng hawak na kaso na isinumite noong Disyembre 4, 2023, isinaad namin na inaasahan naming makakuha ng dagdag na 150 na mga tagapangasiwa ng serbisyo sa piskal na taon 2023-2024. Sa natitirang tatlong buwan sa piskal na taon, inaasahan naming kumuha ng natitirang 66 na mga tagapangasiwa ng serbisyo para maisakatuparan ang aming layunin na dagdag na 150 na mga tagapangasiwa ng serbisyo. Sa kabila ng mga pagsusumikap na ito, patuloy kaming hindi makakasunod sa mga kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na

kaso sa susunod na taon kung hindi kami mabibigyan ng sapat na pagpopondo para matugunan ang pagdami ng kliyente. Ang isa pang hadlang sa pagtugon sa mga kinakailangang proporsyon ng dami ng hawak na kaso ay ang pangunahing pormula ng pagkuha ng tauhan kung saan ang DDS ay nagbibigay ng pagpopondo sa pagpapatakbo para sa mga tagapangasiwa ng serbisyo sa bayad na kalahati ng suweldo na dapat ibigay ng SDRC para mangalap at magpanatili ng kuwalipikadong tauhan.

Ang mga liham na humihiling ng opinyon sa planong ito ay ipinadala sa panrehiyong tagapamahala ng State Council on Developmental Disabilities San Diego Imperial Regional Office; sa tagapangulo ng People First Imperial Valley; sa tagapangulo ng People First San Diego County; lahat ng empleyado ng SDRC; mga miyembro ng San Diego Regional Center Vendor Advisory Committee; at, mga miyembro ng Developmental Disabilities Provider Network. Ipinaskil din ang paunawa sa website ng SDRC, SDRC Twitter, at Facebook Page ng Twitter, na humihingi ng opinyon mula sa mga kliyente, miyembro ng pamilya, at miyembro ng komunidad. Ang mga kopya ng iyong liham at Seksyon 4640.6 (c) ng Kodigo ng W&I ay nakalakip sa mga liham at paunawa. Kalakip ang mga kopya ng liham at paunawa.

Ang paunawa para sa pampublikong pagpupulong para makakuha ng opinyon sa planong ito ay ipinaskil sa website ng SDRC, SDRC Twitter, at Facebook Page ng SDRC 30 araw bago ang nakaiskedyul na petsa ng pagpupulong sa Mayo 28, 2024.

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring tumawag sa akin sa (858) 576-2933.

Sumasaiyo,

Mark Klaus
Ehekutibong Direktor

MGA KALAKIP

c: Lupon ng mga Direktor, San Diego-Imperial Counties Developmental Services, Inc.
Amy Westling, Asosasyon ng mga Ahensya ng Sentrong Pangrehiyon (Association of Regional Center Agencies)